

# **MINERS**

## **Gemstones**

### **Pangalawang Aklat**

Pag-aari ni: \_\_\_\_\_

Pangalan ng Minero

## Ang Mga Minero

Ang karunungan ng Dios ay higit na mahalaga kahit na pagsamasamahin pa ang karunungan ng lahat ng tao. Tanging ang Dios lamang ang makapagbibigay sa atin ng kasagutan tungkol sa buhay, kamatayan at maging sa walang hanggan. Purihin ang Dios dahil ipinaalam Niya ang Kanyang karunungan sa aklat! Ang isinulat na salita na naghahayag sa atin tungkol sa “Buhay na Salita” ng Panginoong Jesu-Cristo. Mga Awit 40:7 - “Nang magkagayo’y sinabi ko: Narito, dumating ako; sa balumbon ng aklat ay isinulat tungkol sa akin.”

Natagpuan ni Bob at Betty na ang mga kasulatan na kanilang pinag-aaralan ay nakapagbibigay sa kanila ng kayamanan ng mga kaalaman tungkol kay Cristo at kung ano ang Kaniyang ginawa para sa atin. Sa bawat talata ay kanilang napag-iisipan kung gaano sila kayaman! Anong mga kayamanan ang naghihintay na kanilang matagpuan sa kanilang pagmimina sa pangalawang aklat, “Gemstones!”

**Pastor Buck**

Ang ginamit kong mga talata sa mga aralin sa booklet na ito ay ang kopya ng Biblia mula sa Authorized King James Version. Ang mga sagot sa mga katanungan ay mula mismo sa mga talata. Ang paggamit ng ibang salin ay hindi makakatulong para sagutan ang mga katanungan, sapagkat iba ang mga salitang nakalagay. Kaya kinakailangan na mayroon kang kopya ng Authorized King James Version bago mo simulan ang aklat na ito ng Mga Minero.

Para sa karagdagang impormasyon, ay maari kayong makipag-ugnayan sa:

[www. grace-harbor-church.org](http://www.grace-harbor-church.org)

Gary & Lynda Miller

2822 Briarwood Drive E., Arlington Heights, IL 60005, U.S.A.


Phone: 847-640-8422

Karapatan ng Pagpapalimbag 2002

Isinalin sa Tagalog ni Bro. Edgar V. Villaflores at sinuri/isinaayos ni Pastor Val B. Tanierla ng Labo, Camarines Norte, Philippines.

**ANG  
PAGLALAKBAY  
NI  
BOB AT BETTY**

**Ang Bundok**



## Ang Paglalakbay ni Bob at Betty

### Ang Bundok

Si Bob at si Betty ay natapos ng mag-impake ng lahat ng kanilang mga gamit mula sa isang malaking lalagyan. Dinala ito ni Bob sa sasakyan kung saan ang kanyang tatay ay nagsasakay ng mga gamit. Ang kanilang tatay ay umuwi ng kanilang tahanan na may magandang balita. Ang kanilang “boss” ay binigyan siya ng isa pang araw ng bakasyon at sila ay papunta sa bundok.

Dahil sila ay nakatira na malapit lang sa bundok, ang kambal ay natuto na mag-ski simula ng sila ay bata pa. Ngunit ang byaheng ito ay espesyal! Sinabihan ng tatay nila ang kambal na ngayon ay pwede na silang mag-ski sa malaking mga “slopes”.

Si Bob at si Betty ay may pag-aalalang pinagmamasdan ang labas ng bintana ng sasakyan, alam nila kung kailan nila makikita ang bundok. Ito ay kanilang namasdan na umaabot na sa mga ulap. Nakiusap sila na makapunta noon sa malaking mga “slope”, ngunit ngayon, na nakikita na nila ang bundok, medyo kinakabahan na sila.

Sila ay tumigil sa isang panuluyan, ibinaba ang kanilang mga gamit at kumuha ng silid na kanilang tutuluyan. Maaga pa lang ay pupunta na sila sa mga “slopes”.

Sumikat ang araw sa kanilang mga bintana, isang napakagandang araw para mag-ski. Gustong-gustong pumunta dito ng kambal. Ang panuluyan ay luma na pero marami pa ring mapapaglibangan at nasisiyahan sila na may malaking apoy na sinisindihan sa harap ng panuluyang iyon.

Pagkatapos nilang kumain ng agahan sa kanilang silid, (ang kanilang nanay ang gumawa ng cinamon rolls) sila ay nagbihis na para lumabas. Dala ang kanilang mga jacket, mga sumbrero at gloves, ay talagang nakakasabik na ang kanilang gagawin.

Ang bawat isa sa kanila ay kinuha na ang kanilang ski at sumakay na sa “lift”. Gustong-gusto ni Bob at ni Betty ang parte na ito. Habang tumataas ang “lift” patungo sa mga ulap ay napalapit ang kanilang mga paa sa may tabi at nakita nila ang mga tao na palilit ng paliit. “Wow, napakaganda ng tanawin,” ang sigaw ni Betty. “Tingnan mo,” ang sabi ni Bob, “Sa may dako roon ay may isang tupa na may malaking sungay.” Si Bob at si Betty ay nasa tapat na nito bago pa nila namalayan. Ang kanilang mga magulang ay kasunod naman nila. “Malapit na tayo sa may palaruan,” ang sabi ni Bob. “Huwag namang



masyadong mabilis,” ang sabi ng kanilang tatay. “Gusto ko na kayong dalawa ay dyan lang sa malapit namin at huwag maging pasaway.” Sinimulan nila ang pag-ski pababa ng burol. Sa pagpunta nila sa magkabi-kabila ay ginagamit nila ang tukod para magiyahan sila, at sama-sama ng bumaba ang kanilang pamilya doon sa bundok. Mabibilis na dumadaan sa kanila ang mga nag-i-ski at gusto sana ni Bob na makisama sa kanila. Bago nila malaman ay nasa may ibaba na pala sila.

Mabilis ang pintig ng kanilang puso at kinakapos sila ng paghinga, nararamdaman nila na parang pwede na silang sumali sa Olympic Ski Team. Sa buong maghapon ay naglaro sila ng “ski,” papunta dito at papunta doon. Nang gabi na, sila ay pagod na pagod. Ang kanilang tatay ay ipinagmamalaki ang kanilang kambal ngunit nalulungkot din dahil nakikita niya ang kaniyang mga minamahal na mga anak ay mabilis ang paglaki.

Nang gabing iyon ay naglaro sila ng “Pictionary” at uminom ng mainit na tsokolate. Napaganda ng buhay!

Nang sumunod na umaga, ang kanilang pamilya ay pumunta sa isang tindahan na malimit nilang pinupuntahan. Si Bob at si Betty ay gustong laging mag-uwi ng “souvenir” sa kanilang bahay. Ngunit ngayon ay hindi sila makapagdesisyon kung ano ang kanilang kukunin; muli silang babalik bukas at saka na lang sila bibili.

“Handa na ba kayo na mag-ski?” ang sabi ng kanilang tatay. Ang kambal ay nag-unahan na bumalik sa kanilang silid samantalang ang kanilang mga magulang ay magkahawak ang kamay habang naglalakad. “Bukas ay iiwan na natin ang mga ito,” ang sabi ng kanilang nanay. “Oo, mabuti ang mamasyal, subalit higit pa dito ang gusto kung gawin. Ngayon na kilala ko na si Cristo bilang Tagapagligtas, gusto kung gamitin natin ang ating panahon para tulungan ang iba na makakilala rin sa Kanya,” ang sabi naman ng kanilang tatay. “Alam ko ang ibig mong sabihin,” ang tugon ng kanilang nanay. “Nakausap ko na ang ilan sa ating mga kapitbahay at sa palagay ko nagsisimula na nilang makita ang ilang mga bagay.”

Ang kambal ay nakahanda ng mamasyal nang dumating ang kanilang mga magulang sa kanilang silid. “Pwede na po ba kaming mauna?” ang tanong ni Bob. “Pwede na,” ang sagot ng kanilang tatay. “Mag-ingat lang kayo at bumalik kayo ng ikalawa ng hapon.”

Marami sa mga tao ang umalis na ng bahay panuluyan. Ang kanilang bakasyon ay matatapos na. Ang ibig sabihin ay wala ng linya! Si Bob at si Betty ay sumakay na sa “lift” at nagsimulang umakyat at dumaan sa lambak.



“Tingnan mo,” ang sigaw ni Betty. “Naroon na naman yong tupa na may malaking sungay.” Nang humina na ang takbo ng lift ay agad na lumukso si Bob at si Betty. “Sa tingin mo ba ay pwede tayong pumunta doon at ng makita ng mas malapit yong tupa?” ang tanong ni Betty. Si Bob ay sabik na rin na makita ang magandang tupa na iyon, at pumunta na sila.

Habang papunta doon ang kambal sa ibabaw ng niyebe at sa may likuran ng mga puno ay papunta na rin sila sa gitna ng kagubatan. Sigurado sila ang malaking tupa ay malapit lang doon. Si Bob ang unang nakakita doon. “Napakaganda!” ang kanyang sigaw. Agad na lumapit si Betty at ang dalawa ay tumayo habang tinitingnan ang magandang tupang iyon.

May mahinang ugong na narinig sa may malayo at nagitla ang tupa, at nag-iisip si Bob kung ano ang ingay na iyon.

Bago pa sila makapunta sa may likuran ay napansin nila na ang bundok ay nagsisimula ng bumaba sa kanila, “Avalanche!” ang sigaw ni Bob. “Humawak ka sa punong-kahoy. Huwag kang bibitaw!” Sa loob ng ilang segundo ang niyebe ay umuugong na papunta sa kanila.

Natapos iyon sa loob lang ng ilang saglit. Hindi sila inabot ng niyebe. Lumabas si Bob at tinawag si Betty. Nasaan na siya? Nakaramdam siya ng takot habang tinitingnan ang mga niyebe. Sa may malapit doon ay nakita niya ang dilaw na jacket na suot ni Betty. Kaagad siyang tumakbo papunta doon habang bumabangon naman si Betty. “Wow,” ang sabi ni Betty, “muntik na tayo doon, ah!” “Mabuti pang pumunta na tayo doon sa may slope.” Tumingin sa paligid ang kambal at naisip nila na wala silang ideya kung saan sila pupunta. Naisip ni Betty na dapat ay papunta sila doon, ang naisip naman ni Bob ay dapat dito sa parteng ito sila pumunta.

Ang langit ay patuloy na dumidilim at ang mga ulap ay patuloy na dumadating. Nagsimula na ring umulan ng niyebe, mahina sa simula. Sinubukan ng kambal ang daan na unang naisip ni Bob, ngunit pagkalipas ng isang oras ay nalaman nila na pumunta sila sa maling daan. Patuloy na lumalakas ang pag-ulan ng niyebe, hindi na sila makakita. Si Bob at si Betty ay umupo sa isang kahoy, “Ako’y natatakot na naligaw na tayo,” ang sabi ni Bob.

Ang kanilang mga magulang ay ilang beses nang bumaba sa bundok; hindi nila nakita ang kambal at naisip nila na baka sa ibang bahagi ng bundok na iyon. “Bumalik na tayo sa bahay tuluyan at ilagay na natin sa sasakyan ang ating mga gamit,” ang sabi ng tatay nila. “Kapag ganoon ay handa na tayo pauwi kapag dumating ang mga bata.”



Si Betty ay nagsimulang umiyak, “Mamamatay na yata tayo! Papaano pa natin mahahanap ang daan pauwi?” Alam ni Bob na dapat siyang maging matapang, hindi dapat malaman ni Betty kung gaano siya natatakot. “Mabuti pa na manatili tayo dito,” ang sabi niya. “Iyon ang dapat nating gawin kapag tayo ay nawawala. Dapat nating samantalahin ang liwanag na natitira para ma- protektahan ang ating mga sarili sa lamig kapag ang temperatura ay patuloy na bumaba bago pa nila tayo matagpuan.”

Sinabihan niya si Betty na maghanap ng mga sanga ng kahoy at nagsimula naman siyang gumawa ng hukay sa ilalim ng niyebe.

Sa bahay panuluyan naman ay nagsimula ng mag-alala ang kanilang mga magulang. Alas tres na ng hapon, wala pa rin ang kambal. Bibigyan pa nila sila ng karagdagang labinglimang minuto. Tumingin sila sa kabundukan, ang mga upuan sa lift ay sarado na, ang mga niyebe ay patuloy sa pagbagsak. Nakita nila ang mga huling bumabang skiers at sa tingin nila ay kasama doon ang kambal. Pumunta sila sa may slope, ngunit habang minamasdan nilang dumadaan ang bawat isang skiers ay hindi sila makapaniwala na hindi bumaba doon sina Bob at Betty.

Ang kanilang mga magulang ay hindi na makapaghintay, alam nila na maaaring may masamang nangyari. Muli silang bumalik sa bahay panuluyan at tinawagan ang ski patrol headquarters. Sa loob lamang ng ilang minuto ay lumabas ang isang malaking lalaki na ang pangalan ay Adan at naglakad sa may lobby. Ang kanilang mga magulang ay agad na sinabi kay Adan ang tungkol sa kambal at sila ay natatakot na ang mga ito ay naroron pa sa bundok. Ang lalaki ay tumawag sa kanilang opisina sa pamamagitan ng radyo at sa loob lang ng ilang saglit ay marami ng mga tao ang nagsama-sama sa may lobby.

Sa ngayon ay nakapaghukay na si Bob ng maliit na kweba sa ilalim ng niyebe. Si Betty ay nakakuha ng maraming sanga ng kahoy at inilagay iyon sa may kweba. Ginawa nila ang lahat nilang makakaya. “Kukunin ko ang aking ski at mamarkahan ko ng ekis (X) ang niyebe,” ang sabi ni Bob. “Iyon ay tanda na tayo ay humihingi ng tulong.”

Habang si Bob at si Betty ay nakaupo sa kanilang ginawang maliit na silungan ay naisip nila ang kanilang mga magulang. “Ako ay umaasa na malapit na silang dumating,” ang sabi ni Betty. May kinuha si Betty sa loob ng kanyang jacket. “Gusto mo ba ng tsokolate?” ang sabi niya. Masaya si Bob ng makakita ng pagkain! “Isa kang kayamanan,” ang sabi niya. Sabay nilang kinain ang tsokolate at nagsiksikan habang patuloy na dumidilim sa paligid



nila.

Si Adan ay kausap sa radyo ang empleyado ng weather station. Ang pagbagsak ng niyebe ay patuloy na lumala; imposible ng makapunta sa bundok para maghanap. Dapat na silang maghintay hanggang umaga at umasa na ang panahon ay gumanda.

Ang kanilang nanay ay nakakapit sa kamay ng kanilang tatay habang sinasabi sa kanila ng sundalo ang balita. “Ipapaalam ko agad sa inyo kapag nakapagpadala na kami ng maghahanap sa kambal.”

Puno ng luha ang mga mata ng kanilang mga magulang. Ang iniisip lang nila ay ang kanilang kambal. Buhay pa kaya sila? Malampasan kaya nila ang buong magdamag? Ang kanilang tatay ay tumingin sa kanyang asawa, “Sa tingin ko ay gusto kong kausapin si Pastor Buck.” “Tatawagan ko siya.”

Simula ng gabing iyon sa bahay nila Pastor Buck ay patuloy na pumupunta ang kanilang pamilya sa kanilang maliit na simbahan. Ang nagustuhan nila ay ang malinaw na pagtuturo ng Salita ng Dios. Simula ng malaman nila ang plano ng Dios sa Kaniyang Aklat, ay naging masigasig na sila sa pag-aaral ng Biblia.


Ang telepono ay tumunog. Si Pastor Buck ay tumingin sa relo, ika-siyam ng gabi, “Sino kaya ang tumatawag?” “Hello,” lang ang kanyang nasabi; pagkatapos noon ay nakinig lang siya at makikita sa kanyang mukha kung ano ang sinasabi sa kwento.

Nang matapos ng pagkukwento ang kanilang tatay, ang sinabi lang ni Pastor Buck ay, “Papunta na kami.”

Si Adan ay pumunta sa bahay panuluyan at naupo sa tabi ng kanilang mga magulang. “Ayokong mawalan kayo ng pag-asa pero si Ivan ay sasabihan ko na pumunta doon sa bundok at tingnan kung mahahanap ang inyong mga anak. Huwag kayong mag-alala, magaling si Ivan, kung sila ay naroroon, makikita ni Ivan ang kambal.”

Nang hatinggabi na ay dumating ang pamilya Bucks sa bahay panuluyan. Kaagad na pumunta sila sa may lobby at sa naghihintay na bisig ng kanilang mga magulang. Sa loob ng ilang minuto ay walang nagsalita, nanatili lang silang nakayakap sa isat-isa.

Ang kanilang tatay ay maraming katanungan. Ito ang kaniyang naging mga tanong: “Ang Dios ba ang gumawa nito? Bakit pinahintulutan ito ng



Dios? Ililigtas ba sila ng Dios? Paano tayo mananalangin?” Sa wakas ay nakapagsalita din si Pastor Buck. Kinuha niya ang kanilang lumang Aklat sa kaniyang bulsa, “O sige, tingnan natin kung ano ang sinasabi dito.”

“Katulad ng inyong nalaman sa ating pag-aaral sa Deuteronomio 28 ang Dios ay may pisikal o panglupang programa para sa bansang Israel. Kasama na rito ang pisikal na kaligtasan at pisikal na kalamidad depende sa pagsunod ng Israel sa mga kautusan ng Dios. Ang Dios ay himalang kikilos sa programa para sa Israel. Ngunit dapat nating tandaan na ang Israel at ang programa para sa kanya ay pansamantalang ipinagpaliban ayon sa Roma kabanatang 11 at ang Dios ay ipinatupad ang bagong programa na Kanyang inilihim hanggang sabihin Niya ito kay Pablo. Sa mga sulat ni Pablo ay matatagpuan natin kung ano ang ginagawa ng Dios sa ngayon.”

“Tingnan natin sa I Corinto 10:13. Sa ngayon ang mga problema at kaguluhan na ating nararanasan ay pangkaraniwan sa lahat ng tao. Sa Roma 8:18-23 ay sinasabi sa atin na kahit ang mga mananampalataya ay makakaranas ng sakit at ng kaguluhan. Ngunit dahil ang Dios ay namagitan at pumasok sa eksena, may 2,000 taon na sa persona ni Jesu-Cristo, pumunta doon sa krus, binayaran ang ating mga utang na kasalanan at muling nabuhay mula sa mga patay, ibinigay na Niya sa mga tao ang lahat na maaari nilang kailanganin. Ang una at pinaka-importante sa lahat, ang pangwalang hanggang kaligtasan, hindi lang iyong pagliligtas sa kasalukuyan, kundi para sa lahat ng panahon. Dapat kayong magkaroon ng kaaliwan sapagkat si Bob at si Betty ay ligtas na, bilang miyembro ng pamilya ng Dios sila ay may buhay na walang hanggan.”

“Oo, ang Dios ay iniligtas na sila! Ngunit sapat na ang magalak kayo sa bagay na iyon. Paano nagbibigay ang Dios ng inyong kailangan para tanggapin ang pangyayaring ito? Sa 2 Corinto 12:9,10 ay sinabi ni Pablo na ang biyaya ng Dios ay sapat, ang kalakasang galing sa Dios ay makakatulong sa atin sa panahon ng ating kahinaan para maging malakas. Kahit na sa mga hindi magandang sitwasyon ang sabi ni Pablo ay pwede siyang magpuri, luwalhatiin ang Dios sapagkat nalalaman niya na anuman ang nakikita niya sa paligid ay pansamantala lang at ang tunay na mga bagay, ang mga bagay na hindi nakikita, ang siyang kaganapan nito.”

“Kaya sinabi ni Pablo sa ang ating mga kapighatian ngayon ay pwede tayong magsaya at maging ang kaguluhan ay makagagawa ng mabuti para sa atin. Ang kaguluhan ay nagdadala sa atin sa mga mahahalagang katotohanan sa Salita ng Dios. Ang kaguluhan ay nagbibigay sa atin ng pananaw sa lahat ng ginawa sa atin ni Cristo doon sa Kalbaryo. Dapat lang nating matutunan na dumepende sa kalakasang nagmumula sa Dios, kumuha ng kaaliwan sa Kanya at hayaan na ang Kanyang kapayapaan ay manatili sa atin at magpasalamat sa



Kanya sa lahat ng Kaniyang ibinigay sa atin.”

Nagsimulang manalangin si Pastor Buck at kanyang muling binanggit ang mga katotohanan sa Salita ng Dios. Naramdaman ng maliit na grupo ang kapayapaan at seguridad sa kanilang kalagitnaan. Nanalangin sila para sa kambal, ang mga katotohanang ito ay magiging mahalaga sa kanila at panghawakan ito anuman ang darating sa hinaharap.

Patuloy na bumababa ang temperatura at mapanganib ito. Naramdaman ni Bob at ni Betty na nagsisimula ng mamahid ang kanilang mga paa. Hindi sinabi ni Bob kay Betty na nang huli siyang sumilip mula sa kanilang pinagkakanlungan ay may nakita siyang maitim na bagay na kumikilos may isandaang piye mula sa kanilang kinauupuan.

Binasag ni Betty ang katahimikan na pumupuno sa kanilang lugar na pinagka-kanlungan. “Maaaring matagal ko ng hindi nabanggit sa iyo Bob na mahal na mahal kita. Sa palagay ko ay ikaw na ang pinaka-mabuting kapatid na lalaki na meron ako. Naiisip ko lang na kung sakaling hindi natin malampasan ang pangyayaring ito ay patungo naman tayo sa langit magpawalang-hanggan.” Parang nakaramdam si Bob ng pagbabara ng kanyang lalamunan habang hinahawakan ang kamay ni Betty. “Kapatid, ikaw na ang pinakadakila sa lahat.”

Sa simula ay inisip lang nila na maaaring hinahampas lang ng hangin ang mga sanga. Ngunit kanilang napagtanto na ito ay mga yabag ng mga paa. Habang patuloy nila itong pinakikinggang mabuti ay naririnig nila ang mahihinang ungol na patuloy na lumalakas sa bawat segundo. Lumapit si Bob sa harap ng kanilang pinagkakanlungan upang maprotektahan si Betty. “Betty, mabuti pang ipikit natin ang ating mga mata, at huwag tayong mangamba anuman ang mangyari.”

Ang ingay ay malapit na ngayon sa pintuan ng kweba. Habang ito ay lumalapit, naramdaman ni Bob ang init ng hayop na pumupuno sa hangin. Habang patuloy na nakapikit ang kanilang mga mata sila ay naghihintay. Ang dila ay mainit at makapal habang umiikot pababa at pataas sa mukha ni Bob. Ang balahibo ay makapal at mabigat habang patuloy na lumalapit sa kanyang katawan. Dahil hindi na nila kayang matagalan ang napipintong panganib, binuksan na nila ang kanilang mga mata. Narito sa kanilang harapan ang pinaka-malaking asong Saint Bernard na kanilang nakita sa buong buhay nila. Ang kanilang paghiyaw ang pumuno sa hangin. Ipinasok ni Ivan ang kanyang katawan sa maliit na kanlungan at patuloy na hinalikan ng paulit-ulit ang kambal.

“Bob, natagpuan nila tayo!” ang sigaw ni Betty. “Tingnan mo Betty, may nakalagay sa leeg ng aso.” Kaagad na inalis at binuksan ni Bob ang maliit na lalagyan. Sa loob ay may maliit na mensahe at may bagay na parang telepono. Ganito ang nakalagay sa mensahe, “Bob at Betty, kung inyong nababasa ang mensaheng ito ay natagpuan na kayo ni Ivan. Kunin ninyo ang two-way radio at tumawag kayo dito sa bahay panuluyan.” Nanginginig pa ang kamay ni Bob habang pinipindot ang button ng radyo. “Hello, Hello, ito si Bob at si Betty.” Pinindot niya ulit ang button. Pagkalipas ng ilang segundo ay nakilala nila ang boses na pumasok sa radyo. “Maayos ba kayo ni Betty?” ang tanging nasambit ng kanilang ama. Pinindot ni Betty ang button, “Maayos naman kami tatay, natagpuan kami ni Ivan, siya ang pinaka-magaling!”

Pagkatapos masigurado ng ranger station ang kanilang kinaroroonan, pinapunta doon ang isang grupo na nag-i-ski. Tumigil na ang pagbagsak ng niyebe at sa loob lang ng isang oras ay dumating sila sa maliit na pinagkakanlungan ni Bob at ni Betty. “Kayong dalawa ay matatalinong mga bata,” ang sabi ni Adan. “Ang manatili doon, gumawa ng kanlungan, ang mga sanga ng kahoy, ang paglagay ng ekis para markahan ang inyong kinaroroonan. Ginawa ninyo ng tama ang lahat para manatiling buhay dito.” Habang pababa sila ng bundok ay nakikita nila ang mga ilaw ng bahay panuluyan na kumikislap mula sa malayo.

Ang kanilang mga magulang at ang pamilya Bucks ay naghihintay habang sila ay dinadala doon. Sinubukan ni Bob at ni Betty na ipaliwanag ang tungkol sa tupa na may malaking sungay, ngunit sinabi ng kanilang tatay na saka na lang nila iyon pag-uusapan. Sa ngayon, ang gusto lang nila ay yakapin ang kanilang mga anak.

Sa sasakyan pauwi ng kanilang tahanan si Bob at si Betty ay hawak ang kanilang dalang souvenir. Sa tindahan ay pareho silang bumili ng laruan (stuffed toy) na Saint Bernard na ang pangalan ay Ivan.

## WAKAS

## Minero Unang Aralin

**Talatang Sasauluhin** - 2 Timoteo 2:15 - “Mag-aral kang ipakita ang iyong sarili na katanggap-tanggap sa Dios, isang manggagawa na walang dapat ikahiya, na hinahati ng tama ang salita ng katotohanan.”

**Isulat** ang talata at kung saan ito matatagpuan sa Salita ng Dios.

---

---

Pangkaraniwan na sa isang anak ng Dios na magkaroon ng pagka-uhaw sa Salita ng Dios. Patuloy nating pagningasin ang apoy at panatilihin ito. Ang ating talata ay nagsasabi sa atin na hindi lamang natin dapat pag-aralan ang Biblia, kung hindi kung paano at bakit natin ito dapat pag-aralan ayon sa paraan ng Dios.

Una, dapat nating p \_\_\_\_\_ ang Biblia.

Ang pag-aaral ay nangangahulugan ng paggawa at pagkatuto. Sa Ecclesiastes 12:12 ay sinasabi na: “at ang maraming pag-aaral ay k \_\_\_\_\_ ng katawan.” Ang iyong bagong pagkatao ay gusto ang Salita ng Dios ngunit ang laman (lumang pagkatao) ay nababagot dito.

**Paano** tayo mag-aaral? h \_\_\_\_\_ ng t \_\_\_\_\_ ang s \_\_\_\_\_ ng k \_\_\_\_\_.

Kung mayroong tamang paraan ng paghahati ng Salita ng Dios, sa palagay mo ay may maling paraan? **Totoo o Hindi**

Ang paghahati ay nangangahulugan na paghahati ng tuwid. **Basahin** ang 2 Pedro 3:16. Ang maling paghahati ng Biblia ay nagdudulot ng kalituhan. Ano ang iba pang salita sa maling paghahati ng Salita ng Dios sa talatang ito? p \_\_\_\_\_

Sa ating talatang sasauluhin ay tinatawag ang mga mananampalataya na m \_\_\_\_\_. Ang manggagawa ay may kakayahan sa kanyang ginagawa.

**Pwede** ka bang makapagbigay ng tatlong uri ng isang manggagawa?

1. \_\_\_\_\_ 2. \_\_\_\_\_ 3. \_\_\_\_\_

Dapat nating pag-aralan at hatiin ng tama ang Biblia para tayo ay makakilos katulad ng mga anak ng Dios ayon sa Kanyang pagkalalang sa atin.

Bilang mga anak ng Dios ay hindi natin gusto na manatili o kumilos na parang isang sanggol. Ang ating talata ay nagsasabi na kung tayo ay kikilos na katulad ng isang sanggol tayo ay m \_\_\_\_\_.

Ang sanggol ay hindi pa alam ang ilang mga bagay. Ang isang matanda na ay may natutunan ng maraming bagay. Sa ating paghahati ng tama, tayo ay magiging handa na mamuhay bilang mga may gulang ng anak ng Dios katulad ng nais Niya sa atin.

**Basahin** ang Mga Gawa 3:21 at Roma 16:25.

May dalawang pagkakahati na ibinigay ang Dios sa Kanyang Salita.

1. na s \_\_\_\_\_ ng Dios sa pamamagitan ng bibig ng kaniyang mga banal na propeta buhat pa nang una.

2. ayon sa p \_\_\_\_\_ ng hiwaga na natago sa katahimikan nang panahong walang hanggan.

Ilagay ang pangalan at petsa \_\_\_\_\_

**Minero Pangalawang Aralin**

**Talatag Sasauluhin** - Roma 16:25 - “At ngayon sa Kaniya na makapangyarihang magpatibay sa inyo ayon sa aking ebanghelyo at sa pangangaral ni Jesu-Cristo, ayon sa lihim na inihayag, na natago sa katahimikan mula pa sa panahong walang hanggan.”

**Isulat** ang talata at kung saan ito matatagpuan sa Salita ng Dios.

\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

Sa ating talata, **ano** ang magagawa ng kapangyarihan ng Dios para sa iyo?

**Papaano** ito gagawin ng kapangyarihan ng Dios? 1. sa pamamagitan ng mahika 2. panalangin 3. ayon sa ebanghelyo ni Pablo at sa pangangaral tungkol kay Jesu-Cristo ayon sa pahayag ng hiwaga.

Nais ng Dios na patatagin tayo. Ang ibig sabihin ay panatilihin tayo para hindi matinag. Ano ang nangyayari kapag ang isang bagay ay inilagay mo sa semento? Hindi na ito makagalaw, matatag na ito. Nais ng Dios na maging matatag tayo sa ebanghelyo ni Pablo. Upang hindi na tayo mailayo mula sa katotohanan. Si Pablo ay nangaral ng bago tungkol kay Jesu-Cristo. Hindi ito katulad ng ipinangaral ni Pedro o ni Juan o ng labindalawang mga apostol. Sa ating talata ay sinasabi ni Pablo na ipinangaral si Jesu-Cristo ayon sa \_\_\_\_\_

Kanino unang ipinahayag ng Dios ang impormasyon na matagal Niyang inilihim? Basahin sa Efeso 3:1-5 \_\_\_\_\_

**Ano** ang iba pang salita na ginamit ng Dios para sa lihim? \_\_\_\_\_

**Basahin** ang I Corinto 2:7,8. Bakit itinago ng Dios ang impormasyong ito hanggang sa dumating ang tamang panahon para ipahayag ito? \_\_\_\_\_

**Itama ang mga salitang ito:**

retokes \_\_\_\_\_ mata \_\_\_\_\_ gatatapam \_\_\_\_\_  
mihil \_\_\_\_\_ hatipag \_\_\_\_\_ bangeyohel \_\_\_\_\_  
bloPa \_\_\_\_\_ yaripangkahan \_\_\_\_\_ hapakaganya \_\_\_\_\_

Ilagay ang pangalan at petsa \_\_\_\_\_

## Minero Pangatlong Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Roma 11:13 – “Datapuwa’t nagsasalita ako sa inyong mga Hentil. Palibhasa’y ako ang apostol ng mga Hentil, dinadakila ko ang aking ministeryo.”

**Isulat** ang talata at kung saan ito matatagpuan sa Salita ng Dios.

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

Gamitin ang mga salita sa may ibaba, para punuan ang mga patlang. Sinabi ni Pablo na siya ang a \_\_\_\_\_ ng mga H \_\_\_\_\_.

**Basahin** ang Mga Gawa 9:1-16. Sa talatang 15 ay sinabi ni Pablo na siya ay s \_\_\_\_\_ hirang sa Akin, upang dalhin ang Aking p \_\_\_\_\_ sa harapan ng mga \_\_\_\_\_ at ng mga \_\_\_\_\_, at ng mga \_\_\_\_\_.

**Ano** ang dinadakila ni Pablo sa ating talata? 1. ang kanyang sarili 2. ang kanyang ministeryo 3. ang kanyang kayamanan

**Ano** ang iba pang salita para sa pagdakila? \_\_\_\_\_

**Ano** ang iba pang salita para sa ministeryo? \_\_\_\_\_

Nang si Pablo ay maligtas, ang Dios ay kumikilos pa rin sa bansang Israel ngunit sa Roma 11:12 ay nalaman natin na ang bansang Israel ay \_\_\_\_\_.

**Basahin** ang Roma 10:12. Paano ang pagtingin ng Dios sa mga Judio at Hentil sa ngayon? walang \_\_\_\_\_ o magkapareho

**Basahin** ang Roma 11:32. Sapagka’t ang lahat ay kinulong ng Dios sa \_\_\_\_\_, upang siya’y \_\_\_\_\_ sa \_\_\_\_\_.

Pinili ng Dios si \_\_\_\_\_ para ibigay sa mga Hentil ang mensahe ng \_\_\_\_\_.

Ang Dios ay may ibang tagapagsalita para sa bansang Israel. Basahin ang Juan 7:19 at Exodus 35:1.

Pinili ng Dios si \_\_\_\_\_ para ibigay sa Israel ang \_\_\_\_\_.

### **Mga panlagay na sagot sa mga puwang:**

kahabagan	pagkakaiba	lahat	apostol	Pablo
posisyon	bumagsak	mga anak ni Israel		pangalan
hindi pagsampalataya	mga hari	pinili	itinataas	mga Hentil (2)
Kautusan	biyaya	Moises		

**Ilagay ang pangalan at petsa** \_\_\_\_\_

## Minero Pang-Apat na Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Efeso 3:8 – “Sa akin, na mababa sa pinakamababa sa lahat ng mga banal, ay ibinigay ang biyayang ito, upang aking ipangaral sa gitna ng mga Hentil ang hindi maaaring saliksikin na mga kayamanan ni Cristo.”

**Isulat** ang talata at kung saan ito matatagpuan sa Salita ng Dios.

---

---

---

Sinabi ni Pablo na ang kanyang sarili ay p\_\_\_\_\_ sa lahat ng mga \_\_\_\_\_.

**Si Pablo ay 1. nagmamalaki 2. mapagpakumbaba 3. mayabang**

Alam na alam ni Pablo na siya ay makasalanan, na ang Dios ay nahabag sa kanya at naligtas sa pamamagitan lang ng Kanyang biyaya.

Si Pablo ay nangaral ng mensahe na hindi \_\_\_\_\_.

Hindi malirip ang ibig sabihin nito ay hindi matatagpuan sa anumang bahagi ng Biblia.

**Ano** ang ipinangaral ni Pablo na hindi malirip? Ang \_\_\_\_\_ ni Cristo.

Ipinangaral ni Pablo ang bago at kumpletong mensahe tungkol kay Cristo. Ang mensahe tungkol sa mga kayamanan na matatagpuan lamang kay Cristo. Kayamanan ng kaligtasan, kapatawaran, pagtanggap, seguridad, buhay, pag-asa, kapayapaan, kagalakan... Ngayon ay matatagpuan kay Cristo. Hindi sa pagsunod sa kautusan.

**Ilagay ang pangalan at petsa** \_\_\_\_\_

## Minero Pang-Limang Aralin

**Talatang Sasauluhin** - 1 Corinto 14:37 - “Kung iniisip ninuman na siya’y propeta, o ayon sa espiritu, ay kilalanin niya ang mga bagay na sa inyo’y isinusulat ko, ay mga kautusan ng Panginoon.”

**Isulat** ang talata at kung saan ito matatagpuan sa Salita ng Dios.

---

---

---

Ang pagsubok ng tunay na pagiging espiritwal (kabanalan) ayon sa talatang ito ay:

1. pagpunta sa simbahan 2. pagiging mabuti 3. paniniwala kay Pablo

Ano ang sinabi ni Pablo sa kanyang mga sulat? \_\_\_\_\_

**Basahin sa Mateo** 23:1-3. Nang ang Panginoong Jesus ay nabubuhay pa dito sa lupa ay iniutos Niya sa mga Judio na nasa ilalim ng kautusan kasama na ang Kanyang mga alagad upang gawin ninyo at \_\_\_\_\_. Dapat nilang gawin ang kautusan.

Si Moises ang pangunahing tagapagsalita sa bansang Israel.

Nang pansamantalang isinantabi ng Dios ang Israel, ay nagpakilala Siya ng bagong tagapagsalita, ang apostol na si Pablo.

Kung ikaw ay isang Judio na nasa ilalim ng kautusan at gustong sundin ang Dios, **sino** ang pakikilingan mo? \_\_\_\_\_

Bilang isang Hentil (karamihan ng tao) namumuhay sa panahon ng biyaya at gusto mong sundin ang Dios, sino ang pakikilingan mo? \_\_\_\_\_

Sa Juan 13:20, sinabi ni Cristo: “Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Ang t\_\_\_\_\_ sa sinuman s\_\_\_\_\_ Ko ay Ako ang tinatanggap; at ang tumatanggap sa Akin ay tinatanggap ang nagsugo sa Akin.”

Sino ang sinugo ni Cristo para sa atin? \_\_\_\_\_

### **Pagtugmain ang mga salita:**

paniniwala kay Pablo  
tagapagsalita ng Israel  
mga sulat ni Pablo  
ating apostol  
mensahe ni Pablo  
Kautusan

ang lihim ng Dios  
mga kautusan ng Panginoon  
Moises  
tunay na pagiging espiritwal  
Pablo  
mensahe ni Moises

**Ilagay ang pangalan at petsa** \_\_\_\_\_

## **Ang Mga Butil ng Ginto na Ating Natagpuan**

### **Unang Aralin**

2 Timoteo 2:15 - “Mag-aral kang ipakita ang iyong sarili na katanggap-tanggap sa Dios, isang manggagawa na walang dapat ikahiya, na hinahati ng tama ang salita ng katotohanan.”

### **Pangalawang Aralin**

Roma 16:25 - “At ngayon sa Kaniya na makapangyarihang magpatibay sa inyo ayon sa aking ebanghelyo at sa pangangaral ni Jesu-Cristo, ayon sa lihim na inihayag, na natago sa katahimikan mula pa sa panahong walang hanggan.”

### **Pangatlong Aralin**

Roma 11:13 – “Datapuwa’t nagsasalita ako sa inyong mga Hentil. Palibhasa’y ako ang apostol ng mga Hentil, dinadakila ko ang aking ministryo.”

### **Pang-Apat na Aralin**

Efeso 3:8 – “Sa akin, na mababa sa pinakamababa sa lahat ng mga banal, ay ibinigay ang biyayang ito, upang ipangaral ko sa mga Hentil ang hindi maaaring saliksikin na mga kayamanan ni Cristo.”

### **Pang-Limang Aralin**

1 Corinto 14:37 - “Kung iniisip ninuman na siya’y propeta, o ayon sa espiritu, ay kilalanin niya ang mga bagay na sa inyo’y isinusulat ko, ay mga kautusan ng Panginoon.”



## Minero Pang-Anim na Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Roma 8:22 - “Sapagka’t nalalaman natin na ang buong nilalang ay humihibik at nagdaramdam na may kahirapan hanggang ngayon.”

**Isulat** ang talata at kung saan ito matatagpuan sa Salita ng Dios.

---

---

Bakit may mga hindi magandang bagay na nangyayari sa mundo? Ipinapalagay ng maraming tao na ang Dios ang may gawa ng lahat ng nagaganap. Mga lindol, tornado, pagbaha, magandang sikat ng araw, mga aksidente, ang pagtanggap o pagkawala ng trabaho.

Ano ang sabi ni Pablo? Sinimulan niya ito sa pagsasabing “Sapagka’t nalalaman natin” hindi sa pagsasabing “sinong nakakaalam?”

Nais ng Dios na malaman natin ang mga bagay! **Gaano karami** ang humihibik at nagdaramdam na may kahirapan? (ilan, marami, lahat)

Ikaw ba ay humihibik na? Ang paghibik ay isang ingay mula sa sakit at paghihirap.

Kahirapan - pagtatatrabaho na may paghihirap.

Ang ating talata ay nagsasabi na ang buong sangnilikha ay humihibik at nagdaramdam na may kahirapan na kasama natin hanggang \_\_\_\_\_.

**Basahin** ang Genesis 3:17,18. Dito ay sinabi ng Dios na ang mundo ay nasa ilalim ng \_\_\_\_\_ dahil sa kasalanan.

Sa Roma 8:21 ay sinasabi na ang lahat ay nasa \_\_\_\_\_ ng kabulukan.

Pagkaalipin - nakabilanggo. Kabulukan - pagkasira.

Sa Roma 8:23 ay sinasabi na hindi lamang ang sangnilikha sa paligid natin kundi tayong mga mananamalataya ay \_\_\_\_\_ din!

Ang ibig sabihin tayo ay nagkakasakit at namamatay hindi dahil ang Dios ang gumawa nito, kundi ang ating katawan ay nasa ilalim ng pagkaalipin ng kabulukan katulad ng buong sanlibutan. Si Adan ang dapat nating pasalamatan tungkol dito - hindi ang Dios!

Tayo ba ay nawawalan ng pag-asa, nalulungkot at napipighati kapag may masamang nangyari? Sa Roma 8:23 ay sinasabi na tayo ay \_\_\_\_\_.

Ang paghihintay ay nangangahulugan na mayroon tayong inaabangang bagay.

**Magbigay** ng bagay na iyong inaasahan? \_\_\_\_\_

